SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI




Tinanggap ni CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento (pangalawa mula sa kanan) ang parangal na iginawad sa CARD, Inc. Ang paggawad ng parangal ay pinangunahan ni 2018 ASEAN Business Awards (ABA) Chair and Prof. Annie Koh.

# CARD, Inc., pinarangalan sa 2018 ASEAN Business Award para sa Sustainable Social Enterprise

*ni Je'iro Lazareo Aclan*

Pinarangalan ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., sa ASEAN Business Awards 2018 sa kategoryang Sustainable Social Enterprise noong Nobyembre 12, 2018 sa Singapore.

Ang parangal ay kumikilala sa pinakamahusay at pinakamaunlad na negosyo mula sa mga rehiyong kabilang sa ASEAN na nakapagpakita at nakapag-ambag ng pambihirang kontribusyon lalo na sa mga mahihirap na komunidad at lugar sa Asya.

Simula nang maitatag noong 1986, isa sa mga pangunahing layunin ng CARD, Inc. bilang isang organisasyon, ay supilin ang kahirapan sa bansa at sa iba pang rehiyon sa Asya sa pamamagitan ng iba't ibang programa at proyekto partikular na ang *microfinance*.

▶ 2

## Ugnayan ng CARD MRI at Dompet Dhuafa, pinalakas ang Paglambo Project

*ni Raffy Antes*

Upang patuloy na mapalakas ang *Shari'ah-inspired microfinance program* - Paglambo Project - sa Mindanao, ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ay nagtakdang mag-iskedyul ng higit pang mga pagkakataon sa palitan ng programa sa Shari'ah *financing* at *entrepreneurship* sa 2019 kasama ng Dompet Dhuafa.

Ang planong pakikipagtulungan ay resulta ng isang pulong sa pagitan ng CARD MRI Founder and Chair Emeritus, Dr. Jaime Aristotle B. Alip at Dompet Dhuafa Founder Parni Hadi sa Jakarta, Indonesia noong Disyembre 19, 2018. Kasama rin sa nasabing pulong ang Pamatnugutan ng Dompet Dhuafa. Ang Paglambo Project ay produkto ng mga natutuhan ng CARD tungkol sa *financing* mula sa Dompet Dhuafa. Ito ay nangyari nang panahong

▶ 3



## PsMLNI finalists, dumalo sa Hijos Tours de San Pablo.

*ni Je'iro Lazareo Aclan*

Dalawampung *finalists* ng Pagkilala sa Mga Likha ni Inay 2018 (PsMLNI) ang nagkaroon ng pagkakataong maglakbay sa San Pablo City at mga kalapit na lugar sa ginanap na CARD MRI Hijos Tours noong Disyembre 6, 2018. Binisita ng mga *finalists* ang Woodburn Garden Farm, Sampaloc Lake, San Pablo Cathedral, City Hall at Museum, BotiCARD Pharmacy, at Mga Likha ni Inay Store.

Ang nasabing tour ay bahagi ng kanilang napanalunan sa nasabing

▶ 5

## Daan patungo sa mga epektibong solusyon ukol sa pananalapi

*ni Raffy Antes*

Ang mga karanasan at estratehiya ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) sa paghahatid ng *microinsurance programs* para sa mga kapus-palad na mga pamilya sa Pilipinas ay isa sa mga tampok na paksa sa Global Partnership Forum ng InsuResilience Global Partnership noong Disyembre 10, 2018 sa Katowice, Poland (COP24).

Sa pananalita ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder and chair emeritus ng CARD MRI kung saan ang CARD MBA ay isang miyembro ng organisasyon, ipinauunawa niya ang *business model* at direksyon ng CARD MBA.



Ang nasa larawan ay sina (L-R) Chief of Operational Planning ng African Risk Capacity (ARC) Mr. Papa Zoumana Diarra, Deutsche Welle TV Global Broadcaster Monica Jones, si Dr. Alip na miyembro din ng board ng International Co-operative and Mutual Insurance Federation (ICMIF), at InsuResilience Head Dr Astrid Zwick.

Isa sa mga estratehiya ng CARD MBA ang 1-3-5 *days claims settlement* na sumisiguro na ang *claim* ng bawat *policy holder* ay dapat maibigay sa loob ng isa hanggang pinakamatagal na limang araw. Sa loob ng ilang taon, nakita ng CARD

▶ 12

Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.





20 M.L. Quezon St., City Subdivision, 4000 San Pablo City, Laguna

Follow our social media accounts!
@cardmri
CARD MRI
www.facebook.com/CARDMRIofficial

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
(049) 562-4309

Scan this QR code to visit CARD MRI website



# Hijos Tours ipinagdiriwang ang local culture

*ni Je'iro Lazareo Aclan*

Animnapu't anim na kliyente ng CARD SME Bank at CARD Bank mula sa Batangas, Legazpi, at Masbate ang nagkaroon ng pagkakataon na maranasan ang kagandahan at matutunan ang kwento ng San Pablo City sa pamamagitan ng CARD MRI Hijos Tours noong Nobyembre 28 at 29, 2018. Binisita ng mga kalahok ang Sampaloc Lake, San Pablo City Cathedral, Plaza, City Hall at Museum, at calamansi farm ng CARD *client* sa Brgy. Sta. Maria; Ube Halaya ni Angie na isa pang kliyente ng CARD; Mga Likha ni Inay Store, at CARD-MRI Development Institute (CMDI) Bay Campus.

Layunin ng Hijos Tours na ipagdiwang ang kultura at magagandang karanasan, *heritage*, at mga *home-grown innovators* sa bansa.

Bukod sa pagbibigay ng pang-edukasyong paglalakbay sa San Pablo City, Balangiga, at Iloilo, nag-anunsiyo rin ang Hijos Tours sa pagpaplano ng mga *corporate events* at pagsasaayos ng mga tours sa loob at labas ng bansa.

Para sa mga *tour bookings*, maaaring magpadala ng mensahe sa Facebook page ng Hijos Tours o mag email sa hijostours@cardmri.com.

# CARD Hong Kong Foundation, isinulong ang programang financial literacy para sa mga OFW

*ni Jei'ro Lazareo*

Higit sa 500 Overseas Filipino Workers (OFWs) sa Hong Kong ang dumalo sa pampananalaping palihan na binuo ng CARD Hong Kong Foundation. Ang nasabing pagtitipon at pagtatapos ay isinagawa sa Bayanihan Centre Hall, Kennedy, Hong Kong noong Nobyembre 18, 2018.

Ayon kay Flordeliza Sarmiento, Punong Tagapangasiwa ng CARD MRI, maliban sa pagsulong na mapaunlad ang mga komunidad sa bansa ay hangad din ng CARD na maabot at matulungan ang mga Pilipino sa buong mundo.

Ang programang inilunsad ng CARD Hong Kong ay naglalayong turuan ang mga manggagawa sa kahalagahan ng maayos na pamamahala sa pananalapi lalo na ang pag-iimpok ng pera para sa hinaharap. Nakapagbubukas din ito ng oportunidad na magkaroon ng kasanayan na magagamit at mapakikinabangan nila pagbalik at pag-uwi sa bansa.

Ang CARD Hong Kong Foundation ay itinatag noong 2010. Simula nang maitayo ang organisasyon, naging bahagi na ng mga layunin nito ang matugunan ang mga problema ng maraming OFW sa Hong Kong tulad ng suliranin sa pananalapi kabilang na ang pagkakaroon ng maliit na sahod, kawalan ng ipon, pagkakabaon sa utang, at pagpaplano upang makabawi pagbalik sa bansa.

Ang kabuuang kurso ay binubuo ng pangunahing kaalaman ukol sa pananalapi na tumatalakay sa pagkakaroon ng malinaw na layunin, wastong paggasta, panghihiram ng salapi at kung paano ito maiiwasan, pag-iimpok at pagpaplano para sa negosyo. Maliban dito, ang pag-aaral ay kinabibilangan din ng mga praktikal na kasanayang pangkabuhayan at kung paano ito aktwal na isinasagawa.

Isa sa mahahalagang aralin na ipinakilala ng programang ito ng CARD Hong Kong's *financial literacy* ay ang konsepto ng "*tough love*". "Kailangang matutuhan ng mga kalahok ang kahalagahan ng pagtanggi sa kadalasang walang kabuluhan at walang katapusang pangangailangan ng kanilang mga mahal sa buhay at huwag ipagsawalang-bahala ang kanilang sariling pangangailangan," sabi ni Vicky Reyes Munar isa sa mga nakapagtapos sa naturang kurso at programa at ngayon ay isa na sa mga tagapagturo at miyembro ng lupon sa organisasyon.

Maliban sa pag-aaral at palihan na binuo ng CARD, ang mga kalahok na OFW ay maaaring makahingi ng suporta at tulong mula sa organisasyon kapag sila ay magsisimulang magnegosyo kabilang na ang pagpapatayo ng kabuhayan, pamumuhunan, at tulong na may kaugnayan sa pabahay.

Ayon kay Jean Pauline Landicho, tagapangasiwa ng CARD International Group, hindi sapat ang programang ito upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap ng ating mga OFW. "Kailangang magkaroon ng matatag na suporta at sistematikong pagtutulungan sa pagitan ng CARD MRI at ng mga manggagawang ito maging ng kanilang mga mahal sa buhay at pamilya sa Pilipinas," dagdag ni Landicho.

"At upang simulan ang pagkakaroon ng maayos na ugnayan ay *personal* na binisita ng ilang kinatawan ng CARD ang mga pamilya ng OFWs sa Pilipinas. Layunin ng aming pagbisita na ipaliwanag sa bawat miyembro ng pamilya ang mga programa at proyekto ng CARD MRI na makatutulong sa kanila at sa mga mahal sa buhay sa pagkakaroon ng mas maayos na estado ng buhay," paglilinaw ni Landicho.

"Higit sa lahat, ang pinakalayunin ng institusyong ito ang masubaybayan sila sa pag-abot ng kanilang mga

▶ 4

# CARD, Inc., pinarangalan sa 2018 ASEAN Business Award...

◀ 1

Ito ang pangalawang pagkakataon na ginawaran ang CARD MRI sa ASEAN Business Award sa parehong kategorya. Ang naturang parangal ay tinanggap ni Flordeliza L. Sarmiento, Punong Tagapangasiwa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang grupo na binubuo ng 21 na institusyon kabilang ang CARD, Inc.

"Lubos tayong nagpapasalamat sa pagbibigay ng karangalang ito. Ang pagkilalang ito ay magsisilbing inspirasyon para sa patuloy na pagpapaunlad sa buhay ng mga Pilipino at sa pagsupil ng kahirapan sa bansa," sabi ni Sarmiento. Ang CARD, Inc. ay nakabase sa San Pablo City, Laguna at ngayon ay mayroon ng 1,700 opisina at tanggapan sa buong Pilipinas na naglilingkod sa 2.1 milyong kliyente ng *microfinance.* Nakapagtatag na rin ang CARD, Inc. ng mga opisina sa labas ng bansa kabilang na ang Myanmar, Cambodia, Vietnam, Laos, Indonesia, Thailand, at Hongkong.

"Nais nating ibahagi ang karangalang ito sa lahat ng bumubuo ng CARD MRI – sa ating mga kliyente, masisipag na tauhan at mabubuting-loob na kasamahan. Kung wala ang mga taong ito ay hindi maisakatutuparan ng CARD ang mga layunin at tungkulin nito," pagbabahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, tagapagtatag at pangulo ng CARD MRI.



# Samahan ng mamamahayag, dumalo sa lakbay-aral ng CARD MRI

*ni Neliza Largueza*



Labintatlong mamamahayag mula sa Samar at Leyte ang dumalo sa lakbay-aral na binuo ng CARD MRI noong Nobyembre 23, 2018 sa Calbayog City, Samar.

Layunin ng lakbay-aral na ipakita at iparanas sa mga kalahok na mamamahayag kung paano isinasakatuparan ng CARD MRI ang mga programa at proyekto nito. "Taon-taon ay *regular* na naming isinasagawa ang lakbay-aral para sa mga kasamahan nating mamamahayag upang maipakita sa kanila kung paano nakatutulong ang *microfinance* sa pagpapaunlad ng komunidad at pagsupil sa kahirapan sa bansa, ani Cyrene Grace DC. Lubigan, tagapamahala ng CARD MRI Publishing House. Nagsimula ang paglalakbay sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga kalahok tungkol sa *microfinance* at mga programa ng CARD MRI sa iba't ibang lugar. Binisita nila ang dalawang opisina sa Calbayog. Ang mga tanggapang ito ay itinatag at pinamamahalaan ng mga kliyente ng CARD Inc,.

Ang nabanggit na pagpupulong ay lingguhang pagtitipon ng mga kliyente ng CARD sa komunidad kung saan pinag-uusapan ang iba't ibang pagbabago at kapaki-pakinabang na proyekto. Sa mga oras at pagkakataon ding ito nagsasagawa ang mga *Account Officer* ng CARD ng Credit-with-Education (CwE), isang programa na nagbibigay kaalaman sa mga kliyente ukol sa mga produkto ng CARD MRI, serbisyong pangkalusugan at pangkabuhayan, pagkakaroon ng disiplina at paghahanda sa mga paparating na sakuna.

Ayon kay Ike Macasa ng Samar Sunday Star-Calbayog, "ang naging paglalakbay na isinagawa namin sa komunidad ay nakapagpakita sa akin ng mga pag-unlad sa pamamagitan ng mga programa ng CARD para labanan ang kahirapan. Ngayon, ang tungkulin ko ay ibahagi sa mga namumuhunan at negosyante na makilahok sa mga ganitong uri ng gawain."

Isa rin sa dinaluhan ng mga kalahok ang "Kaunlaran Caravan" kung saan ipinakita ng CARD MRI ang mga pagbabago at mga programa nitong pangkalusugan, edukasyon, pangkabuhayan, kaalaman sa pananalapi at panlipunang kaligtasan.

"Isang kakaibang karanasan ang maging bahagi ng lakbay-aral para sa *media* kasama ang iba pang mamamahayag na kalahok mula sa Catbalogan at Tacloban. Nakakamamanghang isipin kung paanong umuunlad ang mga kabuhayan sa komunidad sa tulong ng CARD," pagbabahagi ni Genaro Navilon, tagapagbalita sa radyo ng DYOG Radyo Pilipinas-Calbayog.

Isang bagong serye ng lakbay-aral para sa mga mamamahayag ang muling inaasahang buuin ng CARD MRI ngayong taong 2019.

# Tungkulin ng mga magulang, itinaguyod sa Pambansang Araw ng Kabataan

*ni Mike Ariel P. Plaza / DSWD Caraga*

Bilang pagkilala sa tumataas na bilang ng kabataang Pilipino na nakararanas ng karahasan maging sa loob ng kanilang mga tahanan ay pinaigting ng Regional Council for the Welfare of Children (RCWC) sa pangunguna ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Caraga ang programa ng nagbibigay ng ligtas na lugar sa mga bata sa pamamagitan ng panghihikayat sa positibong tungkulin ng mga magulang kaugnay ng pagdiriwang sa Pambansang Araw ng Kabataan.

Sa isang pagtitipon na idinaos noong ika-6 ng Nobyembre, sinabi ni OIC-Regional Director Mita Chuchi Gupana-Lim, sa pamamagitan ng Protective Services Division Chief Jessie Catherine Aranas, na ang ika-26 na pagdiriwang sa pambansang araw ng kabataan ay naglalayong itaguyod ang ligtas, kapaki-pakinabang at payapang tahanan para sa mga bata sa pamamagitan ng positibong pagpapalaki ng mga magulang, tagasubaybay at tagapag-alaga.

"Maraming pagkakataon na binabanggit natin na ang kabataan ang pag-asa ng kinabukasan; ngunit pagod na rin ang mga batang pakinggan na sila ang kinabukasan. Sa ngayon ang tanging nais nila ay maranasan ang maging bata at magkaroon ng katapusan ang karahasan," pagbibigay diin ni Lim.

Ayon kay Lim, na siya ring tagapangasiwa ng RCWC, naitala sa istatistika ng Violence Against Children (VAC) sa Pilipinas ang nakaaalarmang kaso ng pagmamaltrato at dahil ang kadalasang mga taong dapat ay nag-aalaga sa mga bata ay sila pang nagdudulot ng iba't ibang anyo ng karahasan."

Sa katunayan, isiniwalat ng naging resulta ng 2015 Philippine National Baseline Study on VAC (NBS-VAC) na karamihan sa mga batang Pilipino ay nakararanas ng karahasan at walang kalaban-laban sa alinmang anyo ng pisikal, mental, at seksuwal na karahasan sa lahat ng sitwasyon.

Napag-alaman ding tatlo mula sa limang bata ang nakararanas ng pagmamaltrato.

"Ang pokus natin sa ngayon ay nasa positibong pagyakap sa tungkulin ng mga magulang kung saan naipakikilala ang wastong paraan ng pagdidisiplina sa pamamagitan ng pagbabago mula sa mga maling nakasanayan na

▶ 4



Sa kaliwang larawan ay sina: Parni Hadi at Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Sa kanang larawan ay sina: Dr. Alip at Iman Rulyaman, Pangulo ng Dompet Dhuafa (gitna) kasama ang pamanugutan ng Dompet Dhuafa na sina Syamsul Ardiansyah, Manager; Yudha Abadi, Director; Kamaluddin, Manager; at Ibu Rini, Director.

## Ugnayan ng CARD MRI at Dompet Dhuafa, ...

◀ 1

pinarangalan ang dalawang organisasyon sa Ramon Magsaysay Awards 2005 at mula sa pagtitipon na pinangunahan ng Peace and Equity Foundation (PEF). Katulad ng CARD, ang Dompet Dhuafa ay isa sa mga pinakamalalaking *charitable organization* sa Indonesia na nagbago sa tradisyunal na *zakat (charity)* sa pagbibigay kakayanan upang ang mga mahihirap ay maaaring umunlad mula sa pagiging maralita patungong tagapamuno sa pag-unlad ng iba.

CARD Sulit Padala

Now available in the following CARD, Inc. areas:

- Balayan, Batangas
- Baler, Aurora
- Taft, Samar
- Calbayog, Samar
- Allen, Samar
- Carmen, Cebu
- Naga, Cebu
- Cauayan, Negros Occidental
- Bacolod, Negros Occidental
- San Carlos, Negros Oriental
- Bislig, Surigao del Sur
- San Francisco, Agusan del Sur



## Tungkulin ng mga magulang, itinaguyod ...

◀ 3

makatutulong sa VAC kabilang na ang paghinto sa pagbibigay kaparusahan," pahayag ni Lim, Idinadagdag niya na ang mga magulang at mga tagapag-aruga ay dapat na nagtataguyod ng kabutihang-asal, maayos na ugnayan at relasyon sa mga bata sa pamamagitan ng paggalang sa dignidad, pamilya at buong pagkatao nito.

"Ang epekto ng karahasan sa mga bata ay naghahatid ng hindi birong "trauma" at takot na nakapagdudulot din ng mas malaking epekto sa iba pang aspekto ng buhay nito kabilang na ang kalusugan, edukasyon. Nagiging hadlang ito sa magandang kinabukasan ng bata," sabi ni Lim.

Binigyang-diin din ni Lim na "walang anomang karahasan laban sa mga bata o sinomang makatarungan at lahat ng anyo nito ay maiiwasan."

"Ang DSWD bilang tagapangasiwa ng RCWC ay kasama ninyo sa pagpapatupad ng mga batas upang mabigyang proteksiyon, masiguro ang kaligtasan ng mga bata at upang makapagpanukala ng mga alituntuning makatutulong upang mapag-ibayo ang kanilang mga kakayahan at talento", pahayag ni Lim kasabay ng pagdadagdag na "patuloy nating isusulong ang karapatan ng mga batang maprotektahan mula sa lahat ng anyo ng karahasan."

## CARD Hong Kong Foundation, ...

◀ 2

pangarap upang magkaroon ng mas magandang kinabukasan para sa kanila at para sa kanilang mga pamilya pagbalik at pag-uwi sa bansa," sabi ni Sarmiento.

Sa kasalukuyan, ang naturang samahan ay nakapagpatapos na ng 2,708 at halos 76% ng kanilang mga pamilya ay nabisita at napuntahan na ng ilang kinatawan at opisyal ng CARD MRI sa Pilipinas. Gayon din, 80% mula sa mga nabisitang pamilya ay naabot, nabigyan ng tulong pinansiyal, at naranasan ang ilang serbisyong pangkabuhayang handog ng CARD.

Hinihikayat naman ni Rosemadelyn DC. Dela Marquez, isang Gawad Maunlad awardee ng CARD MRI ang lahat ng mga nagsipagtapos na magsimulang magtayo ng kahit maliit na negosyo. "Laging handa ang CARD MRI na mag-abot ng tulong at suporta sa mga kliyente nito. Wala tayong dahilan para matakot na magsimula," dagdag pa niya.

Ang pagtatapos ay dinaluhan ng mga *board of trustee*, punong tagapamahala, tagapangasiwa, at tagapayo ng CARD Hong Kong at ng ilang mga kliyente nito. Pinuri naman ng panauhing pandangal at Hong Kong Deputy Consul General Hon. Germinia V. Aguilar-Usudan ang mga nagsipagtapos sa programa at sinabi nitong ang naturang kurso ay makatutulong para sa kanilang ikabubuti.

"Huwag kang huminto sa pagkatuto. Lahat ng iyong pagsisikap at pagtitiyaga ay magbubunga ng maginhawang buhay para sa iyong pamilya at mahal sa buhay," sabi ni Usudan.

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Ad Rates

| SIZE | INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W) | INSIDE ODD PAGES (B&W) | BACK PAGE (B&W) | FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES | FULL COLOR INSIDE ODD PAGES | FULL COLOR BACK PAGE |
|---|---|---|---|---|---|---|
| FULL PAGE | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| CENTER SPREAD | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,160 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

**Note:** Should your advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108

Place your Ads Now !




# *Kayganda ng gulayan sa bakuran*

*ni Joshua Gaan*

Kadalasan ang tao ay kakain kapag nagugutom. Gayunpaman, ang nararamdaman nating gutom ang tila magsasabi sa atin na kumain, pero hindi kung ano ang ating kakainin.

Para sa ating mga nanay na laging iniisip ang kalusugan ng kanilang mga anak, minsan ay kanilang pinoproblema kung paano makapaghahain ng masustansyang pagkain dahil sa tumataas na presyo ng mga bilihin.

Para kay ni Mariet Gaan, mas kilala sa tawag na Mayet, at simpleng maybahay mula sa Romblon, ang pagtatanim ng gulay sa kaniyang munting bakuran ang isa sa kaniyang libangan.

"Naisipan kong mainam na magkaroon ng gulayan sa aming munting bakuran upang makatipid ako sa aming mga gastusin sa araw-araw. Matitiyak kong ligtas mula sa iba't ibang kemikal ang mga gulay na aking iluluto dahil ako mismo ang nagtanim," masayang pahayag ni Mayet.

Dagdag pa ni Mayet, ang pagdidilig niya sa kanyang gulayan sa umaga at hapon ay binibilang na din niya na isang magandang ehersisyo. Nakakalibang ang pag-aalaga ng mga halaman lalo na kapag ang mga ito ay unti-unti ng lumalaki.

"Ang nakatutuwa ay kapag dumating ang araw na lahat ng iyong mga itinanim sa bakuran ay namumunga na. Masaya na makita na ang iyong bakuran ay puno ng mga halaman at gulay na hitik sa bunga," aniya Mayet.

"Hindi man ganon karami ang mga gulay na aking itinatanim, sa aming pagkain ay may naitutulong din."

Sa huling pahayag ni Mayet, "kung pakaiisipin hindi lamang sa aspetong pinansiyal kundi maging sa aspetong pisikal, emosyonal, at mental ng isang tao ay malaki ang naiaambag ng pagkakaroon ng munting gulayan sa bakuran."

Masasabi nga na tunay na kayganda na magkaroon ng munting gulayan sa ating mga bakuran. Paano naman kung wala kang malawak na lupang mapagtataniman? Sa pagtatanim ay hindi kailangan ng malawak na lupain, dahil pwedeng alternatibong taniman ang paso, timba, buslo, malalaking lata, at iba pa.Ang payo lang ng ibang eksperto ay kailangan lang nating isaalang-alang ang kulay ng ating mga lagayan. Maging maingat tayo sa paggamit ng mga "*dark-colored*" na lalagyan dahil maaring mag-absorb ito ng init na makakaapekto sa ating mga halaman.

# CAMPUS NEWS

## *Diwa ng Pagpapahalaga*

*(ni Nicknel Nepomuceno, 2nd Year BSE Block 1 Student mula sa patnubay ni Gng. Glenda C. Castronuevo)*

May mga bagay na naganap at nangyari na sana
Ngunit nawala dahil pagpapahalaga ay hindi nakita
May mga pangarap na abot-kamay na sana
Hindi naisakatuparan dahil integridad ay nawala na

Hindi lahat ng pangarap ng bawat isa ay natutupad
Hindi rin naman lahat ng natupad ay sadyang pinangarap
Hindi lahat ng bagay ay nakukuha sa galing at talino
Kundi sa angking kakayahan na gawin ang mga ito

Ang patuloy na pakikibaka ang sagot sa tagumpay
Bagama't may lugar na maraming tuksong nakakaway
May sulok na nagsisilbing taguan mo sa mga kaaway
Ngunit iba pa rin ang pamilyang sa iyo'y gumagabay

Anumang oras ay maaaring abutin ang tagumpay
Saan mang lugar maaari mong ituloy ang buhay
Lahat ng iyong pangarap pwedeng mapasa-kamay
Basta't kababaang loob sa puso ay mananalaytay

Maaari mong piliin ang mga bagay na sa iyo'y magpapasaya
Tulad ng mamahaling gamit, may kalidad, at walang kagaya
Iyan ang materyal na batayan sa sariling kaligayahan
Subalit kahanga-hanga pa rin ang taglay na kasimplehan

Pera, katanyagan, at maging kapangyarihan
Iyan ang puhunan na pinanghahawakan ng ilan
Ngunit wala man sa iyo na taglay ang mga iyan
Angking kahusayan magsisilbing panghahawakan

May mga bagay na masasabi mo na ang tao ay masagana
Basta't maligaya, kahit ang pagdating ng bukas wala na
Datapwat hindi ito ang dapat na sa iyo ay napapansin at nakikita
Tunay na pangangalaga at pag-iingat and higit pa ring mahalaga

May mga pangarap na napakahirap abutin
May mga mithiin na tila imposible mong gawin
Ngunit kung isasapuso ang tunay mong layunin
Ang diwa ng pagpapahalaga ang susi ng ningning

## PsMLNI finalist, dumalo sa ... ◀ 1

patimpalak.

Ang *city tour* ay naglalayong itaguyod ang turismo, kultura, mga pamana at mga *microentrepreneurs* sa iba't-ibang siyudad sa bansa.

Para sa mga *tour bookings*, maaaring magpadala ng direktang mensahe sa Facebook page ng Hijos Tours.

## CFISHES activity, inilunsad sa CMDI Bay Main Campus

*ni Nicknel Nepomuceno*




Isinabuhay ng mga mag-aaral ng BS Entrepreneurship (BSE) ng CMDI Bay Main Campus ang *core values* na Competence, Family Spirit, Integrity, Simplicity, Humility, Excellence, at Stewardship (CFISHES) sa pamamagitan ng iba't-ibang gawain sa paaralan. Layunin nito na hubugin ang mga mag-aaral mula Senior HighSchool hanggang sila at makatapos ng kolehiyo sa CMDI upang maging matagumpay na *entrepreneurs* sa hinaharap.

Sa ilalim ng asignaturang *Microfinance Models,* pinakita ng BSE Second Year Block 1 ang *core value* na COMPETENCE sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan ng pagpukaw sa atensyon ng mga estudyante at mga bisita (*local o international*) sa CMDI. Unti-unting namumulat ang kamalayan ng mga estudyante sa kahalagahan ng *core values* ng CARD MRI.

Pinangunahan din ng BSE students, at mga *scholars* na kawani sa iba't ibang institusyon ng CARD MRI ang paglulunsad ng lingguhang *core values activity.* Bago mag-umpisa ang nasabing gawain, ang mga mag-aaral ay nagpulong at nagpaplano upang gawin ang ideya at konsepto ng bawat grupo. Ang lahat ng estudyante ay nakiisa at lumahok sa nasabing gawain sa pamamatnubay ng kanilang guro sa Microfinance Model subject na si Glenda Castronuevo.

Ang limang grupo ng BSE Block 1 2nd Year CARD MRI Scholars mula sa mga Group Leaders na sina Liezl Obien, Jeniegie Pateno, Dominic Coronel, Nelza Suvillaga, at Floresie Genabe ay nagplano muna kung anu-anong mga istratihiya o *intervention* ang kanilang maaaring isagawa. Sa itinakdang pamantayan na 40% sa konsepto, 30% pagkamalikhain (*indigenous/ materials*) at 30% sa tibay *durability/maintenance*, ang lahat ng grupo ay bumuo ng masining na konsepto, materyales, at pamamaraan.

Nag-umpisa ang nasabing mga gawain ng CFISHES noong ikalawang linggo ng Setyembre 2018 at natapos noong Oktubre 2018.

Pagkatapos ng unang linggo ng gawain, ang bawat grupo ng block na ito ay nagsagawa ng *quick interview* upang alamin sa mga estudyante at mga bisita ang kanilang mga pamamaraan sa pagkuha ng atensyon sa mga estudyante ng CMDI. Makikita sa larawan ang inumpisahang pamamaraan ng mga estudyante tulad ng *collage, Christmas decors, tarpaulin, cut-outs,* at ang iba ay ang modernong pamamaraan. Kanilang isinaalang-alang ang paggamit ng *recycled materials* at tibay upang matagal itong magamit. Ang isang ginawang *display* ng grupo ay nagsilbing "*photo booth*" ng mga dumaraang estudyante. Dito ay nagamit ng mga estudyante ang kani-kanilang kasanayan sa pagpapakita ng kanilang talento. Naging katuwang ng CMDI sa pagpapataas sa antas ng kamalayan ng mga estudyante tungkol sa CARD MRI at sa mga kaugalian na hanggang ngayon ay buhay na patotoo sa mayamang kasaysayan nito. Ang bawat linggo ay nagkaroon ng mga piling hurado upang bigyang-puntos ang pinaghirapang proyekto ng bawat grupo.

Napuno ang paligid ng CMDI campus ng iba't ibang makabuluhan at nakakaantig na obra na talaga namang pinuri at ikinatuwa ng mga nakakita. Marahil ikinataka ng ilan na hindi pa lubusang nakauunawa sa *core values* ng CARD MRI kung ano ang mga nakadisplay na kataga, imahe, at likhang sining na kanilang nakita. Para sa mga empleyado ng CARD MRI, isa itong matamis na paalala sa kung paano dinala ng mga *core values* na ito ang buong CARD MRI, bilang sangkap sa tagumpay na kinalalagyan nito ngayon.

Bakas sa mga estudyante na nagsagawa nito ang tuwa sa tuwing makikita nila ang resulta ng kanilang mga pinaghirapang obra na talagang nakaagaw ng pansin sa mga taong nakakakita. Hiling nila na magsilbing daan ang aktibidad na ito upang ipaalala sa mga kawani at ipakilala sa mga hindi pa nakakaalam ang kahalagahan ng CFISHES ng CARD MRI.

## EDITORYAL

# Karangalan ng CARD, Inc., karangalan ng pamilyang Pilipino

Maagang tumanggap ng pamasko ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. nang igawad dito ang ASEAN Business Awards 2018 sa Singapore noong ika-21 ng Nobyembre.

Ang pagkilalang ito ay nagpapatunay sa pagsisikap ng CARD, Inc. na maabot ang layunin nito na matulungan ang mga mahihirap na pamilya sa buong bansa.

Malayo na nga ang narating ng CARD, Inc. Kabi-kabilang hamon at tagumpay ang hinarap nito mula nang ito ay itinatag noong 1986. Nagsimula lamang ang CARD, Inc. sa isang pangarap ng 15 katao: Ang makapagtayo ng isang bangko para sa mga kababaihan na walang lupang pansakahan.

Ngayon, isa na ito sa mga nangungunang *microfinance institutions* sa Pilipinas sa pamamagitan ng marami nitong serbisyo. Sino ang mag-aakala na aabot sa milyon-milyong Pilipino ang kliyente ng CARD, Inc.? Ang pagkilalang ito ay nagsisilbing inspirasyon sa CARD, Inc. na magpatuloy sa pagkamit ng mithiin nito. Nangangahulugan din ito na nakikita ng iba pang mga samahan ang positibong ambag ng CARD, Inc. sa lipunan.

Malaki ang maitutulong ng nasabing pagkilala sa CARD, Inc. at sa mga *stakeholders* nito. Una, inihahayag nito ang CARD, Inc. sa mga Pilipinong hindi pa pamilyar sa nasabing organisasyon. Dahil dito, mas mahihikayat ang mga tao na alamin ang serbisyo ng CARD, Inc. at maging miyembro nito.

Pangalawa, nagpapatotoo ang karangalan sa kredibilidad ng CARD, Inc. Ibig sabihin, matagumpay nitong ginagampanan ang sinumpaan nitong mandato na paglingkuran ang pamilyang Pilipino. Pinalalakas nito ang katayuan ng CARD, Inc. bilang isang *key development organization* sa bansa.

Panghuli, pinagtitibay ng pagkilala ang katapatan at partisipasyon ng *stakeholders* nito. Panatag ang mga empleyado at miyembro nito na ang kanilang kontribusyon sa CARD, Inc. ay napupunta sa mga programang may kinalaman sa pag-angat ng bansa.




Ang pagkilalang ito ay hindi lamang karangalan ng CARD, Inc., kundi pati na rin ng mga miyembro nito. Hindi magiging posible ang mga narating ng CARD, Inc. kung wala ang tiwala ng mga miyembro nito na siyang pangunahing nakikinabang sa mga programa at serbisyo nito.

Hindi pa rito nagtatapos ang paglalakbay ng CARD, Inc., dahil marami pang Pilipino ang nabubuhay sa kahirapan.

Hanggang ngayon, marami pa ring pamilya at kababaihan ang walang natatanggap na tulong upang magkaroon sila ng maayos na hanapbuhay, edukasyon, at kalusugan – mga programang tumutugon sa kanilang pangunahing pangangailangan. Hindi madidiskubre ng mga Pilipino ang kanilang potensyal kung hindi mapupunan ang mga ito.

Lubos na nagpapasalamat ang CARD, Inc. sa walang tigil na suporta ng mga miyembro nito. Nawa'y magpatuloy at dumami pa ang makinabang sa milyaheng nararating ng CARD, Inc. Muli't muli, ang tagumpay ng CARD, Inc. ay tagumpay ng lahat ng miyembro nito at ng pamilyang Pilipino!

SULONG!
Editorial Board

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno** — *Editor-in-Chief*
**Cyrene Grace Lubigan** — *Managing Editor*
**Jeffrey Tandingan** — *Associate Editor*

**Albert Dayag | Arnold Gutierrez** — *Layout Artists*
**Raffy Antes | Neliza Largueza** — *Writers*
**Clark Qury Cuello** — *Cartoonist*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CONTRIBUTORS**
DSWD Caraga
Joshua Gaan
Je'iro Lazareo Aclan
CMDI Students
Nickel Nepomuceno
Mary Grace Moong
Philippe Le Houerou
Rica Mae De Chavez

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub., San Pablo City, Laguna

**CARD MRI**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**CARD MRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website



## PAYO NI BOSS

Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Founder and Chairman Emeritus, CARD MRI

*Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishing@cardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa'yo ng makabuluhang payo.*

Sa maraming pagkakataon, sinubok ang CARD MRI. Nanatiling desidido. Nanatiling determinado. Ang puso ng aming organisasyon ay ang pagtulong sa pamilyang Pilipino. Ang layuning ito ay sinimulan namin higit tatlong dekada na ang nakalipas at nananatiling inspirado sa bawat tagumpay na nabubuo ng bawat pamilyang aming natutulungan.

Ang kwento ng inyong tagumpay ang patuloy na lakas namin upang ipagpatuloy ang aming nasimulan. Isang espesyal na liham ang natanggap ko mula sa isang ina at kliyente ng CARD sa Marinduque na si Mary Grace Moong.

Ang kaniyang pasasalamat sa organisasyon ay isang malaking karangalan hindi lamang sa akin maging ng buong organisasyon. Ang kaniyang kwento ang sumasalamin sa tunay na tagumpay ng CARD MRI at nagpapaalala na tama ang pagtulong sa maraming komunidad.

Ako ay lubos na sumasaludo hindi lamang kay Mary Grace kundi sa lahat ng inang nagsusumikap maiahon sa kahirapan ang kaniyang pamilya.

Ang pagpupursige ninyo ang daan patungo sa mga pangarap. Patuloy lamang magiging instrumento ang CARD sa pag-abot ninyo ng mga ito.

Maraming salamat Mary Grace at sa lahat ng mga kliyenteng patuloy na tumatangkilik sa aming mga produkto at serbisyo. Sa pamamaraang ito ay naipakikilala ninyo ang ating organisasyon.

Ang CARD ay hindi lamang isang *financial institution.* Higit pa ang ating serbisyong ibinibigay sa mga komunidad na ating pinagsisilbihan. Marami tayong produkto, programa, at serbisyong angkop upang matulungan ang iba't ibang pangangailangan ng bawat pamilyang Pilipino patungo sa pag-unlad.

Aming ipagpapatuloy ang aming nasimulan sa bawat indibidwal at pamilyang aming natulungan. At kay Mary Grace, dalangin namin ang tagumpay ng kaniyang mga anak. Naniniwala kaming ang edukasyon ay isang malaking tulong sa patuloy na pag-usad patungo sa mga pangarap. Aking hinahangaan din ang mahusay na pagtuturo niya sa kaniyang mga anak pagdating sa pag-iimpok.


Hindi lamang serbisyong pampinansyal ang nais naming maiparating sa ating mga kliyente. Nais din natin silang hubuging maging mas responsable at may disiplina upang matulungan nila ang kanilang sarili, pamilya, at maging ang kanilang komunidad na mapaunlad.

Patuloy ang aming pagtulong. Ang inyong pag-unlad ang natatanging papremyo ng organisasyon na hindi mapapantayan ng anumang ginto. Ang inyong mga pasasalamat ang magpapatuloy sa aming adhikaing puksain ang kahirapan sa bansa. Mahirap mang maisaktupan ang ating layunin, patuloy tayong kikilos para sa bawat pamilyang nangangarap ng matatag na bukas.

## Bukas na Liham



*Ang pagsusumikap ay isang malaking hakbang patungong pangarap. Anuman ang pagsubok na dumaan, hindi patitinag ang isang inang nangangarap ng magandang buhay para sa kaniya at sa kaniyang pamilya.*



No. ____ Date 10/25/18

To: Dr. Jaime Aristotle Alip - Founder at Chairman ng CARD MRI

Maraming - maraming SALAMAT!

ako po si Mrs Mary grace Moong ng Marinduque. gustong-gusto ko rin po iparating sa lahat, lalo na po kay Dr. Aristotle Alip ang buong pusong pasasalamat sa kanya.

Ako po ay 22yrs ng kasali sa Card dito sa probinsya namin sa Marinduque. at bago ko po narating ang tagumpay ay marami pong pagsubok at karanasan sa aking buhay.

Una po akong kasali ay bagong anak ako sa aking pangatlo. -tuwing naglalakad po ako sa meeting may nakikita akong kapwa ko Nanay na mga nagbubulungan. at may nagpaparinig pa ng salita "madaan-na naman ang mangungutang". masakit man para sa akin ay tinatanggap ko na lang. dahil katwiran ko para sa mga Anak ko ang ginagawa ko. at mas matindi pa ang naranasan ko. dahil hindi pa sila kuntento sa masasakit na salita na ginagawa sa akin. ginawan pa nila ako ng kwento sa pamilya at asawa ko. na ako daw ay may "kabit". kaya lagi ako may grocery. hindi nila alam na pag ako naka-utang sa Card ay sigurado kong binibili sa pagkain para sa mga anak ko. Sobrang sakit ang nararamdaman ko. pero, hindi ako sumuko. dahil ang isip ko. tao lang sila para husgahan ako. pero ang "Dios" ang siyang tunay na nakakaalam ng puso at isipan at ginagawa ko. dahil para sa mga Anak ko.

Lumipas pa ang maraming taon hindi ako sumuko sa paghiram sa Card lalo na ng nag College ang mga Anak ko. sabay-sabay silang nag College. Card ang takbuhan at sandigan ko tuwing mag tuition sila. at sa lahat kong pangangailangan.

Dumating din ang panahon na marami ng benefits ang Card meron ng Stockholder, dagdag na beneficiary at marami pang iba. marami ng nahikayat na sumali. at alam po ninyo ang nakakatuwa. ay kasali na rin ang mga tao na minsan ay nang-aapi sa akin. dahil nalaman nila ang kahalagahan ng "Card". at nakita rin nila na dahil sa Card ay nakapagpatapos po ako ng mga Anak ko sa kolehiyo. hindi nga lang napasama sa scolar. at ang isa kong Anak ay kasalukuyan nag rereview sa Board ng Civil Engr. sa Manila. at Dalangin ko sa Dios. na sana makapasa at maiahon kami sa hirap at mas mabago ang aming buhay. at may 3 pang nag-aaral ng 1 Senior high at 2 Elementary.

at gusto ko rin iparating sa inyo na lahat po kami ay kasali na po sa Card kasama ang 2 anak ko sa Maagap Saving. dahil may kasabihan po dito sa bahay namin.
- Huwag ubos-ubos biyaya bukas ay wala -
- Pag may sinuksok may madudukot -
at sa muli walang humpay ko po sasabihin sa lahat na bumubuo ng CARD MRI. Maraming - maraming salamat. at sana po makabalik po muli dito sa amin probinsya si Dr. Aristotle Alip para kami po ay mapasaya. isang beses ko na po siyang personal na nakita.

God Bless at alam ko marami pa kayong matutulungan tulad kong mahirap.

Note: Salamat rin po sa SULONG!, kayo po ang tulay para maparating sa lahat ng bumubuo ng CARD MRI at kay Dr. Alip. ang aking "PASASALAMAT" natupad ko na po ang aking Pangarap na maiparating

lubos na nagpapasalamat,
Mary grace Moong
Sumangga Mogpog
Marinduque

Isang buong taon na naman ang lilipas. Ang taong 2018 ay maibibilang na isang makabuluhang taon ng CARD dahil sa maayos na naipaabot ang mga programa at serbisyo sa mas marami pa nating kababayan. Masasabi kong patuloy na nabibigyang saysay ang ating layon sa paglipas ng panahon. Alam kong ito ay hindi maisakatutuparan kung hindi dahil sa pagsisikap ng bawat isa sa atin. Kaya taos-pusong pasasalamat ang nais kong ipaabot sa lahat ng naging kabahagi ng layunin ng CARD.

Sa mga taong walang sawang sumuporta sa layunin ng CARD mula noon hanggang ngayon, hindi man alam ng maraming tao ang pagtulong ninyo, may Diyos namang nakakakita sa ginagawa ninyo. Salamat sa inyong busilak na puso.

Sa mga kawani, alam namin kung gaano ninyo pinagbubuti ang inyong mga ginagawa. Hindi ninyo alintana ang bawat umagang kayo ay gigising ng napakaaga, ang bawat gabing pagpupuyat, ang madestino sa iba't ibang lugar at malayo sa inyong mga mahal sa buhay. Salamat sa dedikasyon ninyo.

Sa pagsapit ng panibagong taon, patuloy ang ating pagsulong. Ang pagsulong nating matugunan ang kahirapan ng sambayanang Pilipino. Hangad namin ay maging kaisa kayo hanggang sa matapos ang ating misyon. Laging may mga balakid sa ating daraanan. Gayunpaman, sa anumang hamon at pagsubok na dadaan, manatili tayong matatag. Tandaan ninyo, sa CARD, pamilya tayo. Narito lang kami, katulong ninyo at laging aalalay sa inyo.

Ang CARD ay isang binuong pangarap. Dahil sa ipinuhunang pagsisikap ng bawat isa, umabot at tumagal na tayo ng mahigit tatlong dekada. Kaya nga "sa CARD, matatag ang bukas." Huwag mong pakinggan ang bumubulong sa iyong "hindi mo kaya". Isipin mong kailangan mong subukan at pag-isipan. Manatili tayong matatag. Ang lakas natin ay ang tatag ng kalooban at ang pag-asa natin ay ang isiping kakayanin natin.

Sa ating mahihirap na mamamayan, salamat sa pagtitiwalang mabuti ang aming hangarin na kayo ay aming matutulungan. Hangga't nakikita namin na may isang pamilya na naghihirap, patuloy ang serbisyo ng CARD. Handa kaming abutin at puntahan kayo. Ligaya ng CARD ang makitang may isang pamilya na natutulungan na makaahon sa hirap.

Ang makabuluhang 2018 ng CARD ay magsisilbing inspirasyon para sa darating na panibagong taon. Titiyakin namin na mapuntahan pa ang ibang malalayong lugar na hindi pa naabot ng ating mga programa at serbisyo.

Ang ating dalangin ay patuloy tayong gabayan ng ating Dakilang Lumalang sa ating mga gagawin. Wala tayong magagawa at maaabot kung hindi niya ipagkakaloob sa atin. Salamat sa panibagong taon at pagpalain sana tayong palagi. Maligayang bagong taon sa inyong lahat!



## MULA SA PUSO NI ATE MD

Ms. Flordeliza L. Sarmiento

Managing Director, CARD MRI

# BALITANG PANGREHIYON





### PAGLALAKBAY NANG MAY SAYSAY

Sa layuning ipakilala ang mga mag-aaral sa kasaysayan ng San Pablo, mga alamat, at iba pang mga makabuluhang gawain, ang South Lakes Integrated School, sa pamamagitan ng CARD MRI Hijos Tours, ay nag-organisa ng isang gawain para sa mga mag-aaral ng Senior Nursery, Junior, at Senior Kindergarten. Bumisita sila sa Sampaloc Lake kung saan sila ay masayang nagkwentuhan tungkol sa alamat ng lawa. Binigyan din ng oras ang mga bata para sa pagpitas ng prutas sa Calamansi Farm ng CARD client sa Brgy. Sta. Maria. Ang CARD MRI Hijos Tours ay ang *tour company* ng CARD MRI na naglalayong itaguyod ang industriya ng turismo, lokal na kultura, *heritage*, at mga micro-entrepreneurs nito. Para sa mga tour bookings, maaaring magpadala ng isang direktang mensahe sa Facebook page ng @HijosTours Official.



### PAGBUO NG KAALAMAN AT KABUHAYAN

Higit sa 50 microfinance clients ng CARD, Inc. sa Calbayog City, Samar ang binigyan ng pagsasanay sa paggawa ng tinapa sa programang pangkabuhayan noong Nobyembre 23, 2018. Pangingisda ang isa sa mga pangunahing pinagkakakitaan sa lalawigan na angkop sa pagsasanay na isinasagawa. Ipinaalam din ng CARD MRI sa mga dumalo ang mga institusyon nito tulad ng Mga Likha ni Inay (MLNI) at ang CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI) na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang negosyo. Ang CARD MRI ay isang grupo ng 21 na organisasyon na nagbibigay ng mga programa sa pagpapaunlad ng pinansyal at pagpapaunlad ng komunidad mula sa mahihirap na sektor ng lipunan. Sa kasalukuyan, ang CARD MRI ay naglilingkod sa higit sa anim na milyong kliyente sa buong bansa.



### PAGPAPAHALAGA SA KAPALIGIRAN

Sa layunin na mapanatili at maprotektahan ang kapaligiran, 60 opisyal at kawani at 40 *microfinance client* mula sa iba't ibang *centers* ng CARD SME Bank ang nakilahok sa isang aktibidad sa pagtatanim ng puno na inorganisa ng bangko na pinamagatang "Growing Trees Together". Ang aktibidad ay ginanap sa Envi Estate, Puerto Prinsesa, Palawan noong Nobyembre 24, 2018. Hindi bababa sa 80 balayong *seedlings* at 20 *golden shower seedlings* ang kanilang itinanim. Ito ay bahagi ng layunin ng CARD SME Bank na itayo at palakasin ang mga komunidad sa pamamagitan ng pangangalaga sa kapaligiran.

Nais mo bang i-bida ang iyong

## REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa publishing@cardmri.com.



# BALITANG PANGKALUSUGAN



## Kaunlaran Caravan naghatid serbisyo sa Calbayog, Samar

*ni Neliza Largueza*

Sa pagsisikap na makapagbigay ng malawak na serbisyo sa mga limitado ang *access* sa iba't ibang *community development service* tulad ng pangangalaga sa kalusugan at upang makapagbigay rin ng edukasyon sa pamamahala ng salapi sa mga bata at serbisyo sa pagbibigay kamalayan tungkol sa halaga ng seguro dinala ng CARD MRI ang Kaunlaran Caravan sa Brgy. Capoocal, Calbayog City, Samar noong Nobyembre 23, 2018. Ang *caravan* ay nagbigay ng libreng serbisyong medikal at dental, Social Security System (SSS) at *microinsurance orientation*, at pagsasanay sa kabuhayan. Ang *caravan* na ito ay ang *fourth leg* simula ngayong 2018. Ang nasabing Kaunlaran Caravan ng ay nakapaghatid na ng mahigit sa 1500 indibidwal sa buong bansa. Ang CARD MRI ay isang grupo ng 21 na organisasyon na nakatuon sa pagpapaunlad na naglalayong labanan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga programa sa *microfinance* at pagpapaunlad ng komunidad sa buong bansa.

## CARD Community Health Days isinagawa nitong November

*ni Je'iro Lazareo Aclan*

Sa pamamagitan ng Microfinance and Health Protection Program (MaHP), tumutulong ang CARD MRI sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng *access* sa mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng patuloy na paghawak ng Community Health Days (CHD) sa buong Pilipinas.

Ito ay naglalayong dalhin ang mga *medical practitioners* sa kaugnayan upang makamit ang mga serbisyo nang libre o sa mababang presyo. Ang mga residente ay maaaring makinabang mula sa iba't ibang mga serbisyong pangkalusugan kabilang ang libreng konsultasyon, at *medical*, *dental*, at *optical services*.

Sa buwan ng Nobyembre, isinasagawa ang Community Health Days sa iba't ibang lugar sa bansa. Isinagawa ito sa Cagayan Valley noong Nobyembre 13-26, sa Rizal noong Nobyembre 20-23, sa Antique at Aklan noong Nobyembre 26-29, sa Quezon noong Nobyembre 19-23, sa Capiz noong Nobyembre 19-24, sa Iloilo noong Nobyembre 25-27, sa Samar noong Nobyembre 23, at saCebu noong Nobyembre 26-29.

Noong Nobyembre 2018, isang kabuuang bilang na 518 Community Health Days ang isinagawa sa tulong ng iba't ibang mga institusyon tulad ng CARD, Inc., CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc. sa kabuuang 132,352 benepisyaryo sa buong bansa ang natulungan.

Rx


**May nais ka bang itanong tungkol sa Kalusugan, Sakit, o Karamdaman?**

Mag-email, text, o tumawag:

Mobile No: 09286425940

Email Address: publishing@cardmri.com

**At sa susunod na edisyon ng Sulong ito ay bibigyang kasagutan ni Dr. Roderick Belen.**



**Ako po ay 35 years old, isang sidewalk vendor. Mayroon po akong sakit sa puso. Ano-ano po ba ang kailangan kong gawin upang maibsan ang paninikip ng aking dibdib? High blood din po ako. Bukod po sa reseta ng doktor, may iba pa po bang home remedies na pwede kong gawin? At Ano-ano po ba ang mga bagay na dapat iwasan upang hindi magkaroon ng ganitong sakit?**

Ang karaniwang dahilan ng sakit sa puso ay ang paghina ng daloy ng dugo sa mga ugat sa puso. Kung nakakaramdam ng paninikip ng dibdib makatutulong kung ititigil ang ginagawa o magpahinga muna. Subukang kumalma kung sakaling emosyonal. Kung hindi nawawala ang sakit sa dibdib, lalo na kung wala kang gamot para dito, mainam na magpakunsulta agad sa doktor at nang maiiksaming mabuti at malapatan ng tamang lunas. Ang *high blood* ay iba pang *condition*, pero pwede silang magkasama at may iba pang gamot para dito. Ito ay ang resulta ng pagtaas ng *pressure* sa ugat at sa puso. Sa ganitong karamdaman hindi pinapayuhan ang pasyente na mag-*home remedy*. Bukod sa mga resetang gamot ng doktor, kailangan ring magkaroon ng malusog na pangangatawan, kumain lang ng tamang dami ng pagkain, umiwas sa mamantika at maaalat na pagkain, ugaliing kumain ng gulay, uminom ng madaming tubig, magkaroon ng regular na ehersisyo, tamang pahinga, at sapat na oras ng tulog. Mas mainam din kung iiwas sa ano mang uri ng bisyo.

**- Dr. Roderick Belen**
MaHP Deputy Director

## *Sariling wika, alamin natin!*

**Pamatnugutan**

grupo ng mga indibidwal na namamahala sa isang organisasyon; "management"


**Note:** makikita ang salitang ito sa pahina 1 sa artikulong "Ugnayan ng CARD MRI at Dompet Dhuafa, pinalakas ang Paglambo Project"

**Palihan**

sanayan na nagbibigay diin sa palitang-kuro at praktikum; "workshop"

**Note:** makikita ang salitang ito sa pahina 2 sa artikulong "CARD Hong Kong Foundation, isinulong ang programang financial literacy para sa mga OFW"

# SPECIAL FEATURES




Kinilala at pinarangalan na ang mga Natatanging Kawani ng CARD MRI para sa taong 2018 noong ika-7 ng Disyembre. Ginanap ito sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna kasabay ng Year-end Business Planning ng CARD MRI.

Nagsimula ang programa sa pagpapakilala ng mga finalists mula sa iba't ibang kategorya-ang Account Officer, Admin/Support Staff, Unit Manager, at Area Manager. Mula sa kani-kanilang unit ay sinuri sila at dumaan sa isang panel interview na pinangunahan ng mga hurado na sina Angela Poonin, Deputy Director for HRD-OIC; Ma. Theresa de Leon, Deputy Director for Audit; Violeta Aquino, CARD MBA BOT President at Luz Lalap, CaMIA Board member. Ang lahat ng finalists ay tumanggap din ng cash prizes at nagkaroon sila Hijos de San Pablo tour noong Disyembre 8, 2018.

Ang mga pinarangalang Natatanging Kawani para sa bawat institusyon ay sina Marivic Pinlac (Account Officer ng CARD, Inc. San Carlos Unit), Aldrin Algarin (Account Officer ng CARD Bank Sta. Elena 1 Unit), Judy Ann Ponce (Account Officer ng CARD SME Bank Cabuyao 1 Unit), Jezelle Anne Salinas (Account Officer ng CARD RBI Muntinlupa 2 Unit), at Genevieve Pasalo (Bookkeeper ng CARD MBA Metro Manila 1 Provincial Office). Tumanggap silang lahat ng cash prizes at mga gift certificates mula sa Mga Likha Ni Inay at BotiCARD.

Ang itinanghal na Gold Awardee para sa Account Officer Category ay si Aldrin Algarin ng CARD Bank Sta. Elena 1 Unit, sinundan naman ng Silver Awardee na si Marivic Pinlac ng CARD, Inc. San Carlos Unit, at ang Bronze Awardee naman ay si Margeon Magbanua ng CARD Bank Pinamalayan 3 Unit.

Para naman sa Unit Manager Category, nagwaging Gold Awardee si Roberto Bien Jr. ng CARD Bank Goa Unit, ang Silver Awardee ay si Mark Reynald Ordiz ng CARD, Inc. Dumingag 1 Unit, at si Mesheal Borlaza naman ng CARD, Inc. Butuan 3 Unit ang itinanghal na Bronze Awardee.

Sa Area Manager Category, ang nanalong Gold Awardee ay si Belinda F. Salazar ng CARD SME Bank San Pedro 1 Area. Ang mga national winners ay tumanggap ng cash prizes, Mga Likha Ni Inay & BotiCARD gift certificates, plaque, at magkakaroon din ng Trip-for-3 sa mapipiling destinasyon sa Pilipinas.

Nagpaabot din ng pagkilala at pasasalamat sina Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman at si Flordeliza L. Sarmiento, CARD MRI Managing Director para sa mga finalists, nagwaging kawani at pati na rin sa lahat ng kawani ng CARD MRI. Dahil sa patuloy na pagsisikap, lubusang dedikasyon at pagtutulong- tulong ng mga kawani ay tuluyang maabot ang layuning mas makatulong pa sa mga kasapi ng CARD.




Ginanap ang taunang pagpaparangal ng Pagkilala sa Mga Likha Ni Inay awards sa CMDI, Bay Laguna noong ika 5 ng Disyembre 2018. Ang parangal na ito ay nagsimula noong 2012 at nagpapatuloy para kilalanin ang mga mahuhusay at masisigasig na kliyente ng CARD MRI.

Ang mga kategorya para sa taong 2018 ay ang major award na Gawad Maunlad, at mga special awards na Gawad Malikhain, Gawad Masigasig, Community Service Award, Family Enterprise Award, at ang bagong kategorya na Young Entrepreneur Award. Ang mga naging nominado sa mga kategoryang ito ay dumaan sa initial at final judging na isinagawa ng PsMLNI Awards Committee na binubuo ng mga kinatawan mula sa CARD MRI Audit Unit, Mga Likha Ni Inay, CARD MRI ExeCom/ManCom, at ilang mga matatagumpay na miyembro. Ang lahat ng napiling finalists ay nakatanggap ng cash prizes, Mga Likha Ni Inay products, at nagkaroon sila ng Hijos de San Pablo tour noong Disyembre 6, 2018.

Ang mga nagwagi sa special awards ay sina Adelina Timoteo ng CARD Bank Benguet (Gawad Malikhain Awardee), Joel Geneta ng CARD SME Batangas City (Gawad Masigasig Awardee), Lyn Cure ng CARD, Inc. Davao del Norte (Community Service Awardee), Zenaida Asugui ng CARD SME Batangas City (Family Enterprise Awardee), at Jennylyn Enon ng CARD Bank Lagonoy (Young Entrepreneur Award).

Ang mga pinarangalan ng major awards na Gawad Maunlad sa bawat institusyon ay sina Mercy Galanque ng CARD, Inc. Valencia 1 Unit, Merlita Salcedo ng CARD Bank Candelaria Branch, Lucila Datuin ng CARD SME Bank Vigan Branch, at Imelda Bermudez ng CARD RBI Binangonan Branch. Lahat naman ng mga nagwagi ay nakatanggap ng cash prizes, computer package, plaque at free advertisement ng kanilang negosyo sa Sulong newspaper.

Nagbigay naman ng mahahalagang mensahe at pagkilala sina Elma B. Valenzuela, CARD RBI President and CEO, Marivic M. Austria, CARD Bank President and CEO at Aristeo A. Dequito, CARD SME Bank President and CEO para sa lahat ng kliyente na ginawaran. Maging sa lahat ng kliyente ng CARD ay nagpaabot din sila ng paghanga at pasasalamat sa pagbibigay inspirasyon sa mga kawani ng CARD upang mas mapabuti pa ang serbisyong maibibigay sa kanila.

# KWENTO NG MGA KASAPI

## Higit pa sa Litson

*ni Raffy Antes*



Sa Candelaria, Quezon, may isang taong nagngangalang Ruel Mariano Marquez na madalas tawaging "Boss" ng kanyang mga kapitbahay. Gayon pa man, si Mang Ruel ay hindi ordinaryong boss na makikita sa mga pagpupulong sa isang silid o isang taong nakasuot ng pormal na paikot-ikot sa siyudad. Malaki ang respeto ng mga tao kay Mang Ruel sa kanilang lugar dahil sa suporta nito sa mga lokal na magsasaka at sa pagtulong sa mga ito na maging bahagi ng negosyong babuyan.

Lumaki si Ruel sa isang pamilyang ang pinagkakakitaan ay nanggagaling sa pag-aalaga at paglalako ng mga baboy. Ang ganitong uri ng negosyo ay kapaki-pakinabang lalo na't mabilis lamang magpalaki ng mga alagang baboy para sa paglilitson. Siya ay matagal nang nagsusuplay ng mga baboy sa mga litsunan. Pangalawa sa pitong magkakapatid si Mang Ruel. Sa murang edad ay inako ni Ruel ang responsibilidad na pangasiwaan ang kanilang negosyo dahil sa karamdaman ng kanyang ama at panganay na kapatid. Dahil dito, pinili ni Ruel na hindi tapusin ang kanyang pag-aaral sa mataas na paaralan.

Nang simulang itayo ni Ruel ang Pambansang Lechon (Elarz) noong taong 2015, napagdesisyunan nilang mag-asawa na ipagkatiwala sa mga kapitbahay ang pag-aalaga ng mga baboy upang matulungan sila na makapagsimula ng maliit na negosyo. Pinalawak din niya ang kanyang babuyan

▶12

## A way to protect farmers from typhoon damage? Crop insurance

*by Philippe Le Houerou*

On a recent trip to the Philippines, I travelled to the Bohol province in the south-central part of the country to see our work with smallholder farmers. In the Philippines, 80 percent of low-income people rely on agriculture as their main livelihood, and yet they remain very vulnerable, especially considering the country faces an average of 20 typhoons a year.

Just three months ago, Typhoon Ompong (Mangkhut) affected more than 200,000 farmers, causing an estimated $500 million of agriculture-related damages. The typhoon wiped out months of their hard work in a matter of hours. The impact of such events can last for years and often push farming families below the poverty line with little hope of a full recovery. Unfortunately for the farmers, this isn't an isolated incident-- the Philippines is one of the most disaster-prone countries in the world.

I wanted to meet the farmers and our clients to hear directly about their challenges and to learn more about an innovative IFC advisory project that gives farmers access to crop insurance against typhoon-related losses.

IFC, working with the CARD, the country's largest microfinance institution, and its joint venture CARD Pioneer Microinsurance, launched the Binhi ("seed") insurance product for rice and corn farmers in 2017. Its goal was to increase farmers' resilience against natural disasters and helping catalyze greater access to loans in general for smallholder farmers. This is the first private-sector led crop insurance product in the Philippines.

Though agriculture accounts for 9 percent of the Philippines' GDP and 25 percent of the workforce, bank lending to the sector remains low. Only 1 percent of lending goes to small farmers, as most financial institutions consider farmers high risk, given the frequent typhoons and low insurance coverage.

CARD, which views agriculture as a priority because of the high number of farmers living in poverty, also had decided to slow down lending to farmers because of typhoon-related losses.CARD decided that it needed some type of insurance coverage in order to start lending again. It approached IFC's Financial Institutions Group Advisory Services to design and price an insurance product for farmers against typhoons.

Given the high frequency of typhoons, a key challenge was how to come up with a commercially sustainable insurance product that would be affordable to small farmers without the need for subsidies. To respond to this, IFC's actuarial experts developed a risk-pricing solution that allowed CARD-Pioneer to strategically manage its typhoon risk, set a sustainable price that was reasonable for small farmers, and start roll out of the product.

Since the launch of Binhi insurance, 9,000 farmers in 12 provinces have purchased the insurance, bundled with agriculture loans. More than 1,000 farmers have received payouts, including 753 farmers hit by Typhoon Ompong. I learned, in fact, that some farmers received payouts in less than a week. The efficient payouts are encouraging more farmers to purchase the insurance, which costs at most $20, for a maximum cash payout of $200. Two other micro-finance institutions also have started to offer the insurance to farmers as well.

In Bohol, I met farmer Allan Camposano, who received an insurance payment and used it to buy new seeds and fertilizers. Others have used payments to rebuild their damaged homes or repay loans.

Our engagement with CARD Pioneer has helped develop an innovative new product that has strengthened small farmers' resilience to typhoons. It also has created a market for lending to smallholder farmers as other financial institutions are now providing loans to farmers because of the new protection against typhoon-related losses. With more micro farmers covered by the crop insurance, we expect that this market will continue to grow

At IFC, we seek innovative partners, such as CARD and CARD Pioneer Microinsurance, which are dedicated to achieving real development impact.

It was inspiring to meet Dr. Jaime Aristotle Alip, the founder of CARD, an organization that he described as being in the "business of poverty eradication." He started CARD 30 years ago to assist landless rural women. Now, CARD is the most successful microfinance group in the country. Aside from loans and insurance, they also provide health and education services to their clients, who are mostly women.

IFC has been a partner with CARD for the last 10 years, supporting them in their goal of bringing more Filipinos out of poverty through several advisory engagements and one investment project. We are now working with CARD to develop a risk management framework to support its digital transformation – a shift that Dr. Alip sees as instrumental in reaching more people in rural areas.

This client-focused approach is at the core of CARD's operations and overall success. Together, we will aim to scale up the crop insurance program to build farmers' resilience, create a demonstration effect in the industry in the Philippines and beyond, and unlock more investments in agriculture.

I want to give many thanks to the great team who worked on this project, including Rachel Freeman, Yuan Xu, Conrad de Jesus, Utako Saoshiro, Vijay Kalavakonda and Shadreck Mapfumo.






# ENTERTAINMENT

## "CARD MRI Institutions" Word Search

Hanapin sa ibaba ang mga institusyon ng CARD MRI. Maaaring pahalang o pababa ang mga salita. Kuhanan ng larawan ang iyong sagot at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI upang magkaroon ng P10 load.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | F | C | P | I | L | V | C | A | R | D | B | A | N | K | A |
| A | W | P | G | I | G | Y | O | C | D | C | N | G | S | A | S |
| P | U | B | L | I | S | H | I | N | G | H | O | U | S | E | Y |
| S | P | U | B | A | C | A | R | D | M | B | A | E | S | A | C |
| C | A | M | I | A | A | I | B | I | A | D | S | B | R | P | M |
| J | B | C | S | G | M | P | B | I | C | R | L | L | O | L | I |
| H | O | A | P | P | T | R | T | U | U | M | E | A | Z | C | T |
| S | T | E | C | A | D | S | O | O | N | I | D | A | N | A | P |
| A | I | K | I | R | D | A | T | M | N | G | S | I | B | T | E |
| P | C | B | A | A | O | S | K | T | I | A | D | Q | L | O | E |
| E | A | C | G | M | O | E | K | S | G | R | M | L | E | S | C |
| M | R | J | R | J | E | P | I | A | A | I | A | I | I | E | L |
| A | D | D | I | S | A | R | T | C | A | G | Z | R | O | L | D |
| A | H | H | P | F | B | V | N | A | K | M | L | N | I | B | A |
| P | R | O | P | E | R | T | Y | H | O | L | D | I | N | G | N |
| K | L | C | P | M | E | D | R | A | C | A | R | B | I | H | S |

1. CARD Inc
2. CARD Bank
3. CARD MBA
4. CMDI
5. CaMIA
6. CMIT
7. BotiCARD
8. CARD RBI
9. CPMI
10. RISE
11. MLNI
12. HIJOS Tours
13. Publishing House
14. CARD EMPC
15. Property Holding

## Higit pa sa ...

◀ 11

upang maipasok ang mas maraming bilang ng baboy na pwede nilang pagkakitaan araw-araw.

"Nakita at naranasan ko ang hirap ng buhay. Alam kong hindi madali kaya tinutulungan ko ang aking mga kapitbahay na magkaroon ng karagdagang kita," sabi ni Ruel.

Nagbibigay si Ruel sa mga kabahayan ng maliliit na alagang baboy, *feeds*, at ilang organikong pagkain. Ang kailangan lamang ng bawat tagapag-alaga ay magkaroon ng sariling babuyan. Ilan sa mga tagapag-alaga ng biik ay walang kakayahang makapagpatayo ng babuyan. Sa kabutihang-palad, katulad ni Ruel, ang sambahayang ito ay mga kliyente rin ng CARD Bank, isang *microfinance-oriented* na bangko na nagpahiram at naglaan ng puhunan sa kanila upang makapagsimula sa hinahangad na pagkakakitaan.

Ayon kay Ruel, ang kita sa ganitong uri ng negosyo ay mapalilitaw matapos ibawas ang halaga ng mga biik at mga pagkain mula sa kabuuang kita. Ang pinakamababang bilang ng baboy na maaalagaan ng bawat sambahayan ay humigit-kumulang 30 na posibleng magkaroon ng Php 15,000 kita sa loob lamang ng dalawang buwan.

***(Ipagpapatuloy sa susunod na isyu)***

## Daan patungo sa mga epektibong ...

◀ 1

MBA na pwede pang mas mapaikli ang pagbibigay ng *claims* sa mga miyembro nito. Kaya noong 2017, inilunsad nito ang 8-24 *hour claims settlement* na kung saan ang pagbibigay ng *claims* ay hindi lalampas sa loob ng 24 na oras. Bukod dito, ang CARD MBA ay may alok na *life insurance* sa halagang P15 (USD 0.3) bawat linggo sa higit limang milyong kliyente ng mga institusyong pampinansyal ng CARD MRI na nagkakaloob ng seguro sa higit sa 18 milyong indibidwal sa buong bansa. Ang CARD MRI ay isang grupo ng 21 institusyon na nakatuon sa pag-unlad at naglalayong puksain ang kahirapan sa pamamagitan ng *microfinance, social protection*, at *community development*. Ang Global Partnership Forum ay nagsilbing isang plataporma upang makipagpalitan ng karanasan at kaalaman tungkol sa *climate* at *disaster risk finance* at *insurance solutions* ng iba't ibang organisasyon sa buong mundo. Hindi bababa sa 200 kalahok mula sa pamahalaan at mga kinatawan ng mga organisasyo, mula sa ibang bansa *civil society*, pribadong sektor, at mga akademya ang dumalo sa nasabing pagtitipon.

